Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-05 NG OKTUBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni |

---

KAPASYAHANG PANLUNGSOD BLG. 217-2020

ISANG KAPASYAHANG PANLUNGSOD NA MAGALANG NA IMINUMUNGKAHI SA PUNONG LUNGSOD IGG. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAKAPAGPAKABIT NG MGA SOLAR PANEL LAMP POST SA PALIBOT NG SAMPUNG EKTARYANG LUPAIN NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NG MALOLOS GAYUNDIN NG CCTV CAMERAS SA LOOB AT LABAS NG BAGONG GUSALING PAMPAMAHALAAN UPANG MAPANGALAGAAN ANG SEGURIDAD NG MGA GUSALI AT MGA MAMAMAYANG DITO AY NAGTUTUNGO ARAW MAN O SA GABI GAYUNDIN ANG PAGBUO NG CIVIL SECURITY TEAM.

**PANGUNAHING MAY-AKDA: KGG.NINO CARLO C. BAUTISTA at KGG. EMMANUEL R. SACAY**
**KAMAY-AKDA: BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS**

**SAPAGKAT,** sa bisa ng Presidential Proclamation No. 597 ay naipagkaloob sa Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ang sampung (10) ektaryang lupain sa pamamagitan ni Dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo na matatagpuan sa Barangay Bulihan;

**SAPAGKAT,** batay sa itinatadhana ng nasabing Presidential Proclamation No. 597 ang pagpapatayo ng mga gusaling pampamahalaan dito upang makapaghatid serbisyo sa mga mamamayan nito;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyan ay nakatayo dito ang New Malolos City Hall, Malolos Sports and Convention Center (MSCC), Malolos Police Station, Senior Citizen's Building, Malolos DepEd Administrative Building, Malolos Cooperative Office at ang itinatayong Regional Evacuation Center;

**SAPAGKAT,** pagsapit ng gabi ay dito din sa lunan na ito isinasagwa ang bagsakan ng gulay at sa pagsapit ng kaumagahan ay dinaragsa naman ito ng mga bikers, zumbanatics at mga joggers;

**SAPAGKAT,** malaking katipiran at pro-environment ang pagkakabit ng mga Solar Panel Lamp Post sa palibot ng 10 ektaryang lupain na magbibigay liwanag dito at proteksyon sa mga mamamayang dito ay nagpupunta;

**SAPAGKAT,** malaking tulong sa kampanya ng Pamahalaang Panlungsod kontra-krimen ang paglalagay o pag-i-install ng CCTV Cameras sa loob at sa palibot ng Malolos New City Hall upang masiguro ang kaligtasan ng lahat;

**SAPAGKAT,** pangunahin sa mga layunin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagkalooban ng mataas na antas ng paglilingkod publiko, higit lalo sa mga programang nakasentro sa kaligtasan ng mga mamamayan nito;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa itinatadhana ng Seksyon 16 ng Republic Act No. 7610 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas ang gampanin ng bawat lokal na pamahalaan na magsulong ng mga programa at proyektong pangkaunlaran at magsusulong ng kagalingang panlahat (General Welfare Clause);

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

Sa pamamagitan ng mungkahi ni Kgg. Nino Carlo C. Bautista na sinang-ayunan ng lahat ng dumalo na:

IPINASIYA, gaya ng dito'y ginagawang pagpapasya na magalang na iminumungkahi sa Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian na makapagpakabit ng mga Solar Panel Lamp Post sa palibot ng sampung ektaryang lupain ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos, gayundin ng CCTV Cameras sa loob at labas ng bagong gusaling pampamahalaan, upang mapangalagaan ang seguridad ng mga gusali at mga mamamayang dito ay nagtutungo araw man o sa gabi gayundin ang pagbuo ng Civil Security Team.

PINAGTIBAY.

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

*KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*10052020